Petsa:

Para kay:
Address:

Tungkol sa: Numero ng Claim:
Petsa ng Pinsala:
Employer:
Tagaseguro/TPA:

ABISO NG INTENSIYONG ISARA ANG CLAIM NA MAS MABABA SA $800 SA MGA MEDIKAL NA BENEPISYO SA 12 BUWAN- WALANG PAGTATASA SA PERMANENTENG BAHAGYANG KAPANSANAN

(Alinsunod sa NRS 616C.235(2) at (3))

Natukoy na mas mababa sa $800 sa unang labindalawang (12) buwan pagkatapos mabuksan ang iyong claim ang mga benepisyong medikal na kailangang bayaran para sa claim ng kompensasyon ng iyong mga manggagawa. Alinsunod sa NRS 616C.235(2), isasara ang iyong claim epektibo nang pitumpung (70) araw mula sa petsa ng abiso na ito.

Isasara ang iyong claim nang walang pagsusuri sa Permanenteng Bahagyang Kapansanan (PPD) dahil natukoy ng tagaseguro na walang posibilidad ng permanenteng kapansanan ng anumang uri batay sa available na impormasyong medikal.

Pakitandaan na kung hindi mo iapela ang pagsasara ng iyong claim, o iapela mo ang pagsasara ng iyong claim at hindi matagumpay ang apela, hindi na muling mabubuksan ang claim. Tinutukoy ng NRS 616C.390 ang iyong karapatan na muling buksan ang iyong claim. Dapat kang gumawa ng nakasulat na kahilingan para sa muling pagbubukas at dapat magsumite ang iyong doktor ng ulat na nauugnay sa iyong problema sa orihinal na pinsala sa industriya. Dapat sabihin sa ulat na lumala ang iyong kondisyon mula noong panahon ng pagsasara ng claim at nangangailangan ang kondisyon ng karagdagang pangangalagang medikal. Hindi epektibo ang muling pagbubukas bago ang petsa ng iyong kahilingan para sa muling pagbubukas maliban kung may maipakitang magandang dahilan. Sa ganitong pagpapakita ng iyong doktor, dapat pahintulutan ang halaga ng pang-emerhensya na paggamot.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasya sa itaas, may karapatan kang umapela sa ilalim ng Mga Nirebisang Batas sa Nevada (NRS) 616C.305 at ingklusibo mula NRS 616C.315 hanggang 616C.385. Kung gusto mong mag-apela, mangyaring ikumpleto ang ibabang bahagi ng notice na ito at ipadala ito sa Estado ng Nevada, Departamento ng Pangangasiwa, Dibisyon ng mga Padinig sa address sa ibaba. Dapat ihain ang iyong apela sa loob ng **pitumpung (70) araw** pagkatapos ng petsa kung kailan ipinadala ang abiso ng panghuling pagpapasya ng tagaseguro alinsunod sa NRS 616C.315.

Departamento ng Pangangasiwa
Dibisyon ng Pandinig
1050 E. William Street, Ste. 400 Carson City, NV 89701
(775) 687-8440

O

Departamento ng Pangangasiwa
Dibisyon ng Pandinig
2200 S. Rancho Drive, Suite 210
Las Vegas, NV 89102
(702) 486-2525

Dahilan ng apela: _____

_____

Lagda_____ Petsa_____

Panatilihin ang kopya ng abisong ito para sa iyong mga rekord.

Mga Kalakip na

D-12a
D-13